**PAGSASANAY 4:** Bigyan ng angkop na wakas ang bawat talata. Piliin sa kahon at isulat sa patlang.

a. ganoon na lamang ang tuwa ng kaniyang mommy at lubos ang pasasalamat nang makita ang gustong-gusto niyang blusa.
b. Kinabukasan, habang sumasagot ng pagsusulit, panay ang kamot sa ulo ni Jun. Maraming tanong ang hindi niya nasagutan.
c. Mas mahabang oras ang inilaan ni Guia sa pagsasanay. Kaya naman, kinikilala na ang husay niya sa pagtugtog ng piyano sa loob at labas ng kaniyang paaralan.
d. masayang-masaya si Yul nang bumalik sa bahay-ampunan.
e. si Mark ang nanalo ng unang gantimpala at siya'y sinabitan ng medalyang ginto.

1. Niyayang maglaro ni Jun si Rene. Ayaw sumama ni Rene dahil mag-aaral siya para sa pagsusulit nila kinabukasan. Samantala, nagtuloy sa paglalaro si Jun kasama ang ibang bata. Natulog siyang pagod at hindi nakapag-aral. ____________________

2. Kalahok sa isang timpalak takbuhan si Mark. Sa simula, hinayaan niyang malampasan siya ng kaniyang mga kalaban. Nang tiyak niyang pagod na pagod na ang mga iyon, inipon niya ang kaniyang lakas. Sikad-kabayo ang ginawa niyang takbo hanggang sa finish line. Nang ipahayag ang kinalabasan ng paligsahan, ____________________

3. Sama-samang sinundo ng pamilya Tinio ang batang si Yul mula sa bahay-ampunan. Panahon na naman ng kapaskuhan at tulad ng nakagawian ng pamilya, isang batang ulila ang kasama nilang magdiriwang at bibigyan ng kasiyahan kahit sa loob ng dalawang linggo lamang. May nakahanda nang mga bagong damit at magagandang laruan para sa kaniya. Sama-sama nilang pagsasaluhan ang masasarap na pagkain. Kaya naman, ____________________

4. Bata pa, nag-aaral na ng pagtugtog ng piyano si Guia. Dalawang oras araw-araw ang ginugugol niya sa pagpapraktis. Ngayon, nasa hayskul na siya. ____________________

5. Palihim na binilang ni Romina ang iniipon niyang pera mula sa sobrang baon at mga bigay ng kaniyang tiyo at tiya. Sa isang linggo na ang kaarawan ng kaniyang mommy at alam niya ang pinakamimithing regalo nito. Nang matiyak na sapat na ang kaniyang pera, binili niya ang blusa at maingat na itinago sa kaniyang kabinet. Nang sumapit ang araw na kaniyang pinakahihintay, ____________________



LIVEWORKSHEETS